

PROLOGUE

Nagkubli sa likod ng kanyang Yaya Malda ang siyam na taong gulang na si Jessica nang marinig ang pagdating ng sasakyan.

“Yaya, nandyan na sila,” halos pabulong na sabi niya sa matanda. Hindi maintindihan ni Jessica kung bakit ang bilis-bilis ng kanyang kaba. Basta ang alam niya, bumibilis ang pintig ng kanyang puso sa tuwing makikita niya si Ronald.

Si Ronald ay anak ng kaibigan ng kanyang mommy. Sixteen years old na ito at ang sabi nito ay parang isang tunay na nakababatang kapatid na ang turing nito sa kanya. Ngunit ewan ba niya kung bakit hindi yata masarap sa kanyang pandinig ang salitang iyon.

“Naku ang alaga ko, nagdadalaga nang talaga,” napapangiting sabi sa kanya ng sixty years old niyang yaya.

Hindi niya gaanong naiintindihan kung ano ang ibig sabihin ni Yaya Malda.

Ganito ba ang nagdadalaga? Kinakabahan kapag nakikita si Ronald?

“Yaya, ano’ng sasabihin ko sa kanya?” namumula ang mga pisngi na tanong ni Jessica.

“Oh, di kumustahin mo siya kagaya ng ginagawa mo noon. Tapos makipaglaro ka sa—”

“Yaya, hindi na ako naglalaro, ‘no!’” maagap na sabi niya sa matanda sabay irap dito. Natawa na lamang si Yaya Malda sa kanya.

“Hello, Jessica.” Hindi si Ronald kundi si Selina ang nakangiting bumaba sa isang magarang sasakyan. Kaagad na hinanap ng mga mata niya ang lalaki ngunit ang daddy lamang nito na si Fernando ang nakita niya.

“Hinahanap mo si Ronald?” mahinang tanong ni Selina sa kanya. Hindi pa man siya nakakasagot ay mapanukso na itong ngumiti sa kanya. “Me crush ka sa kanya, ‘no?’”

“Hindi, ah...” Parang gusto nang umiyak ni Jessica. Alam na niya ang ibig sabihin ng crush. Iyong mga kaklase niya sa school ay may mga crushes na, pero wala siyang crush kay Ronald. Hindi niya ito gustong maging boyfriend. Gusto lang niya itong palaging nakikita. At kinakabahan siya sa tuwing nakikita ito. Crush

na bang matatawag iyon? Kinurot siya nito sa magkabilang pisngi.

“Huwag ka nang mahiya. Actually, crush ko rin naman si Ronald, eh. Secret lang nating dalawa iyon, ha?” bulong ni Selina sa kanya.

Hindi niya maipaliwanag. Ngunit ewan niya kung bakit parang may kumurot na kung ano sa kanya. Palihim niyang sinipat si Selina. Maganda ito. Mahaba ang buhok at higit sa lahat, ka-age ito ni Ronald.

Hindi niya gusto ang ideyang naiisip niya.

Kagaya ni Ronald, kaibigan rin ng mommy niya ang mga magulang ni Selina. Every Saturday ay nagsasama-sama ang mga ito, nagkukuwentuhan. Masarap magluto ang mommy niya kaya naging hangout na ng mga kaibigan nito ang bahay nila. O mas tamang sabihing mansion ng Uncle Jerry niya. Ang huli ang nakatatandang kapatid ng kanyang mommy.

Matandang binata na ubod ng yaman ang Uncle Jerry niya. Tahimik lamang ito madalas. Bibihirang ngumiti ngunit napakabait sa kanya.

Para na ring ama ang turing niya rito kasi

wala na siyang nakagisnang daddy. Ang sabi ng mommy niya ipinagbubuntis pa lamang daw siya nito, naglaho na ang daddy niya at hindi na nagpakita kailanman.

Sabik siya sa ama.

Naiinggit nga siya sa mga kaklase niyang sinusundo ng mga daddy nito tuwing uwian. Mabuti na lamang at kahit na paano ay napupunuan ng Uncle Jerry niya ang pangungulila niya sa ama.

“CONCHITA, siguro dapat nang malaman ng mga anak natin ang tungkol sa ating dalawa,” Nakatitig na sabi ni Fernando kay Conchita habang nasa veranda sila at nag-uusap.

“Fernando, natatakot ako. Baka tutulan ni Kuya Jerry ang relasyon natin. Alam mo namang ayaw n'on na nagpapaligaw ako. Baka raw kasi mangyari na naman sa akin 'yong nangyari dati. Pagkatapos mabuntis, iniwan ng lalaki.”

“Conchita, hindi mangyayari iyon. Mahal na mahal kita. Hayaan mo, ako na'ng bahalang kumausap sa kapatid mo. Siguradong

maiintindihan rin niya tayo.”

Niyakap ni Fernando nang mahigpit si Conchita.

“Sige. Bago natin ipaalam sa mga bata, si Kuya Jerry muna ang kausapin natin.”

“Mommy?” Nagtatanong ang mga mata ni Jessica habang nakatingin sa ina at Tito Fernando niya na magkayakap. Maari ngang bata pa siya. Marami pa siyang hindi naiintindihan. Madalas ay maraming tanong ang naglalaro sa isip niya. Ngunit hindi na siya sobrang bata para hindi maintindihan ang ibig sabihin ng lalaki at babaeng magkayakap. Madalas na niya iyong napapanuod sa TV.

Boyfriend ba ng mommy niya ang daddy ni Ronald?

Kapag naging mag-asawa ang mga ito, ibig sabihin ay magiging magkapatid sila nito?

Gusto niyang palaging nakikita si Ronald. Gusto niyang palagi naririnig ang boses nito. Pero hindi niya ito gustong maging kapatid. Hindi niya maipaliwanag ang dahilan, basta ayaw niyang maging kapatid si Ronald.

“YAYA, kapag ba naging magboyfriend, ibig sabihin magiging mag-asawa na?”

“Ano na naman ba ‘yang pumasok sa isip mo, ha, Jessica?”

“Wala naman po.”

“Kow, eh bakit mo itinatanong kung magiging mag-asawa ang magkasintahan?”

“Basta po. Yaya, sagutin n’yo ang tanong ko. Kapag ba mag-boyfriend, magiging mag-asawa, ha?”

“Depende...”

“Bakit depende?”

“Kung tapat ang pagmamahalan nila, pwede ngang sa simbahan ang uwi niyon.”

“Ah....”

Ilang gabi nang ginugulo si Jessica ng tanong kung magiging asawa ba ng mommy niya ang Tito Fernando niya. Kung tunay nga ba nitong mahal ang mommy niya. Kung tapat nga ba ang pagmamahal nito sa mommy niya. Ang sabi ng yaya niya, kapag tapat ang pagmamahal ng isang tao, maaring maging mag-asawa nga ang mga ito.

“MOMMY... MOMMY?”

Napaiyak sa takot si Jessica nang makitang duguan ang kamay ng ina at nakahandusay ito sa sahig, walang malay tao.

“Mommy! Yaya Malda! Uncle Jerry, si mommy! Help!!!”

1

“Ladies and gentlemen, please all welcome the new president of *ACL Global Investment Corporation*... Mr. Ronald Gabiola!”

Mula sa isang sulok ng mesa ay nakamasid si Jessica kay Ronald na halos hindi magkamayaw sa dami ng mga panauhing lumalapit at kumakamay dito.

May pait sa mga labing napangiti si Jessica.
Fourteen years.

Labing apat na taon ang hinintay niya para sa pagkakataong ito. Inialis niya ang tingin kay Ronald. Napatitig siya sa hawak na kopita.

Ang alam niya, nagpabalik-balik sa Pilipinas si Ronald simula nang magtungo ito sa Amerika para doon magpatuloy ng pag-aaral. Ngunit kailanman ay hindi sila nagkaroon ng pagkakataong magkita. Pagkamatay ng mommy niya, dinala siya sa China ng Uncle Jerry niya para doon magpatuloy ng pag-aaral hanggang high school. Umuwi lamang siyang muli sa Pilipinas para dito naman magtapos ng kolehiyo. Kung tutuusin ay okay na ang buhay

niya sa China. Tahimik. Malayo sa masasakit na alaala.

Ngunit may kailangan siyang tapusin dito.

At hindi siya matatahimik, siya at ang Uncle Jerry niya, hangga't hindi nila naisasakatuparan ang kanilang mga plano.

Muli niyang ibinalik ang tingin sa binata.

Ngayon ang panahon ng pagtutuos.

Panahon ng paghihiganti.

Tumayo siya. Akmang lalapitan na niya si Ronald nang makaramdam siya ng kaba at pananakit ng ulo.

“HELLO?”

“Jessica, where are you?” Narinig ni Jessica na tanong ni Selina mula sa kabilang linya ng telepono.

“I’ m sorry, Selina, kung hindi na ako nakapagpaalam saiyo. I’m not feeling well kaya I decided to go home. . .”

“Ronald wants to see you. Ni hindi mo man lang siya nilapitan. Excited pa naman siyang

makita kang muli,” tumatawang sabi ni Selina sa kanya, “Curious daw siyang makita kung ano na’ng hitsura mo ngayon. I told him kasi na magugulat siya, from ugly duckling to a beautiful swan.”

Napangiti na lamang siya. Sanay na siya sa mga ganoong biro ni Selina.

“Pero hindi bale, marami pa namang ibang araw. I’m so excited, Jessica,” kinikilig na sabi ng nasa kabilang linya. “He’s single... at ibang-iba ang mga tingin niya sa akin kanina. What do you think, bagay ba kami, ha?”

Isang tawa lang ang pinakawalan niya.

“ANO NA ANG hitsura ni Ronald?”

Nagkibit-balikat si Jessica. “Still the same. Guwapo,” matamlay na sagot niya kay Yaya Malda. Hinubad niya ang suot na sapatos. “Mas matangkad at macho siya ngayon.”

“Eh, bakit parang hindi ka masaya na nakita mo siyang muli?”

“Why should I? Naalala ko lang ang daddy niya sa tuwing nakikita ko siya.”

“Jessica, hanggang ngayon ba ay sinisisi mo pa rin si Fernando sa pagpapakamatay ng mommy mo? Ni hindi nga malinaw sa atin kung bakit nagpakamatay ang mommy mo.”

“Yaya, ano pa ba’ng ibang magiging dahilan kung bakit nag-suicide si Mommy? Niloko siya ni Fernando... hindi niya ‘yon nakayanan kaya... kaya she committed suicide.”

“Jessica!”

“Yaya, please masakit ang ulo ko. Pakikuha na lang ng tubig,” aniyang naupo sa couch. Walang alam ang kanyang Yaya Malda sa mga plano niya.

Siya lamang at ang kanyang Uncle Jerry ang nakakaalam sa binabalak niya.

Matagal na panahon rin niya itong pinaghandaan. At ngayong mayroon siyang pagkakataon ay hinding-hindi na niya iyon pakakawalan pa.

Tumayo siya at tunitig sa salamin.

Sa edad niyang twenty-three ay never pa siyang nagka-boyfriend. Hindi sa walang nanliligaw sa kanya. Sa katunayan ay napakarami niyang manliligaw. Ang iba nga ay ilan taon nang

nanliligaw at kahit nakailangang basted na niya ay hindi pa rin sumusuko.

Mga gwapo. Matatalino. Mayayaman.

Pero ni isa ay wala siyang nagustuhan.

Hindi naman niya masasabing pihikan siya. Simple nga lang ang mga katangiang hinahanap niya sa isang lalaki. Pero ewan ba niya, talagang ayaw tumibok ng puso niya. Parang gusto na nga niyang maniwala sa sinasabi ng Yaya Malda niya na dahil sa nangyari sa mommy niya ay natakot na siyang magmahal.

Baka nga.

Dahil hanggang ngayon ay sariwa pa rin ang alaala ng pagkawala ng mommy niya. Hanggang ngayon ay nakatanim pa rin sa kanyang dibdib ang matinding galit. Ang matinding hinanakit.

At alam niyang hindi mawawala ang galit na iyon hangga't hindi siya nakakapaghiganti.

Tinitigan niyang mabuti ang mukha.

Namumungay ang kanyang mga mata. Makinis ang kanyang balat. Mapang-akit ang kulay rosas niyang mga labi. May maliit ngunit matangos siyang ilong na bumabagay sa maliit

niyang mukha.

Marami ang nagsasabing isa siya sa may pinakamagandang mukha. Marami ngang producers ang nag-alok sa kanyang mag-artista o maging endorser ng mga pampagandang produkto ngunit ang lahat ng iyon ay tinutulan ng Uncle Jerry niya. Makakasira lang daw iyon sa buhay niya. Naghahanap lang daw siya ng sakit ng ulo. Mas mainam pa raw na pamahalaan na lamang niya ang kanilang mga negosyo.

Hinaplos niya ang kanyang mukha.

Gagamitin niya ang mukhang iyon para maisakatuparan ang lahat ng kanyang mga plano. Muli ay hindi niya napigilang dumaloy ang luha sa kanyang mukha.

Gusto na namang bumalik ng mga alaala, labing-apat na taon na ang nakalilipas...

Natagpuan niya ang kanyang mommy sa kwarto nito. Nakahandusay sa sahig, laslas ang pulso, nagkalat ang dugo...

Bakit ba kahit na anong pilit ang gawin niya ay hindi mabura sa kanyang isipan ang masakit na tagpong iyon?

Napapikit si Jessica.

Hanggang ngayon ay ramdam pa rin niya ang sakit sa pagkawala ng mommy niya.

NAKATITIG SI JERRY sa larawang nasa diyaryo.

May pait sa mga labing napangiti siya saka ipinatong sa ash tray ang hawak na tabako.

Sixty-four years old na si Jerry ngunit hindi pa rin nawawala ang kanyang matikas na pangangatawan. Guwapong-guwapo pa rin hanggang ngayon.

Hindi na siya nag-asawa pa. Inilaan na lamang niya ang kanyang buhay sa pagpapalago ng kanyang mga negosyo at pag-aalaga sa nag-iisang anak ni Conchita.

Conchita...

Gusto na namang sumuong ng luha sa kanyang mga mata. Walang kasing-sakit para sa kanya ang pagkawala ni Conchita.

“Uncle Jerry?”

“Jessica, come in.”

“Nakakaistorbo ba ako sa iyo, Uncle? Mukhang malalim na naman ang iniisip mo ah,” nakangiting sabi ng dalaga, tumuloy na ito sa kanyang kuwarto.

Ngumiti si Jerry dito. Sa tuwing nakikita niya ang pamangkin ay naalala niya si Conchita. Kamukhang-kamukha nito ang ina.

“Of course not. Alam mo namang kahit na ano pa’ng ginagawa ko basta sa iyo, humihinto ako. And now, lady, what can I do for you?” aniyang tila nakikipag-usap pa rin sa isang musmos. Madalas ay nakakalimutan niyang dalaga na si Jessica. Isang napakagandang dalaga.

She laughed.

Nawala ang mga ngiti sa labi ni Jerry. Pakiramdam niya ay nabuhay muli si Conchita. Napatitig siya dito.

UNTI-UNTING NAGLAHO ang tawa ni Jessica. Nagtataakang tiningnan niya ang Uncle Jerry niya na titig na titig sa kanya. Noon lamang niya nakitang tinitigan siya nito nang ganoon. Hindi niya maipaliwanag ngunit

ramdam niya ang paggapang ng takot mula sa kanyang mga kalamnan.

“Uncle Jerry, why are you staring at me like that?” pumiyok ang tonong tanong niya rito. Umatras siya nang kaunti palayo dito.

Tila natauhan ang matanda, humugot ng isang malalim na hininga. “W-wala... wala,” umiiling na sabi nito, iniiwas na ang mga mata sa kanya.

Muli ay nabalik sa dati ang pakiramdam ni Jessica. Gusto niyang mainis sa sarili. Bakit ba niya katatakutan ang butihing tiyuhin? Kung may isang taong dapat niyang pagkatiwalaan ng buong buhay niya iyon ay walang iba kundi ang kanyang Uncle Jerry.

Minahal siya nito na parang isang tunay na anak.

Ibinigay nito sa kanya ang lahat ng luhong ini-enjoy niya ngayon. Pinunan nito ang pagmamahal ng isang magulang.

“Uncle Jerry, tumawag si Selina. Niyaya niya akong lumabas kasama si... si Ronald.”

“O, ano pa’ng hinihintay mo?” makahulugang sabi nito.

Napalunok si Jessica.

Matagal na niyang pinaghandaan ang muling pagkikita nila ni Ronald. Buung-buo na ang mga plano nila para sa pagbabalik na ito ng binata sa Pilipinas.

Pero bakit ganoon?

Nang makita niya ito noong isang gabi sa welcome party nito, bakit tila may isang bahagi sa utak niya ang tumututol na isakatuparan ang mga plano nila? At bakit parang gusto niyang pagdudahan ang kanyang sarili kung magagawa nga ba niya itong pasakitan?

“Uncle... if you could see Ronald now, he’s grown taller... more handsome. I’m pretty sure maraming babaeng pinaibig iyon.”

“And you are afraid to be one of those women?”

“Of course not, Uncle Jerry!” mariin niyang pahayag. “I can never fall in love with Fernando’s son!” may galit sa tonong sabi niya.

“Dapat lang, Jessica. So, ano pa ba ang dapat mong alalahanin? Bakit parang hindi ka na sigurado ngayon sa mga plano natin?”

“Hindi naman sa gan'on kaya lang...” aniya saka bumuntong-hininga, “Uncle, what if hindi siya mahulog sa mga plano natin?”

“Jessica, trust me. And by the way, basahin mo ito.” Iniabot sa kanya ng matanda ang isang black envelope. “Bigay ‘yan sa ‘kin n’ong detective na inupahan ko.”

Hindi na pinagtakhan pa ni Jessica kung nag-hire man ang kanyang Uncle Jerry ng isang detective para lamang alamin ang lahat ng tungkol kay Ronald. Alam niyang sukdulan hanggang langit ang galit na nararamdaman nito sa pagkamatay ng kanyang mommy.

At gagawin nito ang lahat para makaganti.

Naisip nga niya noon, bakit hindi na lamang ipapatay ng Uncle Jerry niya si Fernando para matapos na ang lahat? But knowing her uncle, alam niyang kahit naman galit ito ay hindi pa rin nito magagawang pumatay ng tao. Ayaw rin niya ng ganoong klase ng paghihiganti. Hinding-hindi siya sasang-ayon sa ganoong klase ng paghihiganti.

Kay Ronald na lamang nila ibubunton ang galit na nararamdaman. At tiyak na mas

masakit iyon para kay Fernando. Alam niya kung gaano nito kamahal ang nag-iisang anak.

Malinaw ang plano nila. Paiibigin niya si Ronald at pababagsakin ang negosyo ng pamilya nito.

Binuksan niya ang envelope at binasa ang ilang pahina ng papel na nakasulat doon. Pati na rin ang mga larawang nakapaloob doon.

Halos detalyado doon ang naging buhay ni Ronald. Kung ilan ang naging girlfriend nito at ang naging dahilan ng break-up.

“Muntikan na pala siyang magpakasal n’ong twenty six years old siya. Kaya lang, namatay sa isang car accident ’yong babae,” halos paanas lamang na sabi niya habang binabasa ang file ng binata.

At ayon sa report, mula noon ay wala nang naging seryosong relasyon pa si Ronald.

2

Malayo pa lamang ay natanaw na ni Jessica sina Selina at Ronald. Hindi niya alam kung bakit biglang bumilis ang tibok ng puso niya pagkakita sa binata. Paano nga ba niyang maisasakatuparan ang kanilang mga plano kung ngayon pa lamang ay kabadong-kabado na siya?

Huminga siya nang malalim. She composed herself saka naglakad patungo sa mesang kinaroroonan ng dalawa.

Lumuwang ang ngiti ni Selina nang makita siya. “You’re fifteen minutes late, Jessica,” anito.

“I’m sorry,” sabi niya saka humalik sa pisngi nito at naupo. Nakangiti siyang humarap sa lalaki. “Hi, Ronald. How are you?”

“Jessica...” bulalas ni Ronald, waring hindi makapaniwala na siya ang kaharap nito ngayon, “Muntik na kitang hindi makilala. Selina was right about you,” nakangiting sabi nito.

“S’abi ko naman sa iyo, ang laki ng improvement ni Jessica,” tumatawang sabi ni

Selina. "Sorry, Jessica, baka mapikon ka na sa 'kin, ha?"

"Okay lang. Nakita ko nga iyong picture n'ong bata pa ako. Maski ako hindi makapaniwala!" pabirong sabi niya.

Sabay-sabay silang nagkatawanan.

Pakiramdam niya ay nabalik sila sa panahong fourteen years ago.

Ngunit nawala ang saya niya nang maalala ang ina. Hindi niya dapat na makalimutan ang dahilan kung bakit muli siyang nakikipagkaibigan kay Ronald.

Hindi siya dapat na makalimot sa kanyang mga plano.

"So, kumusta ka na, Jessica?"

Kumusta? Bakit hindi mo itinanong kay Fernando kung kumusta na ako?

She managed to smile. "I'm fine."

"Balita ko successful ka na raw sa pagmanage ng mga negosyo mo?"

"Negosyo ni Uncle Jerry. Ako lang ang namamahala. Pero kung ako ang tatanungin

mo, mas gusto kong makapag-establish ng sarili kong business.”

“Hmm, at ano naman ‘yon?”

“Isang communications company kagaya ng sa ‘yo?” nakangiting sagot niya. Iyon na yata ang pinakamatamis na ngiting pinakawalan niya. Saka namumungay ang mga matang tumingin siya kay Ronald. “Don’t worry, plano pa lang naman iyon eh.”

“Pwede kitang tulungan kung gusto mo,” sabi ni Ronald, sinalubong ang tingin niya. At hindi maipaliwanag ni Jessica ang damdaming bumalot sa kanya nang mga sandaling iyon.

God, tama nga ba itong ginagawa niya?

Kakayanin nga ba niyang mapaibig ang lalaking ito? Mahuhuli nga ba niya ang mga kahinaan ng isang tulad ni Ronald Gabiola?

NAPALIS ANG MGA NGITI sa labi ni Selina habang pinagmamasdan sina Jessica at Ronald.

Hindi niya alam kung bakit sa kauna-unahang pagkakataon ay nakaramdam siya ng insecurity.

Mga bata pa lamang sila ay lihim na niyang

minamahal si Ronald. Hindi nga ba at sa tuwing magkakaroon ng pagkakataon ay sa Amerika niya pinipiling magbakasyon para lamang makita ang binata? At sa tuwing si Ronald naman ang umuuwi ng Pilipinas ay hindi siya pumapayag na hindi sila nito magkikita.

Kailanman ay hindi niya pinutol ang pakikipag-ugnayan dito.

Nasaktan siya nang labis noong magka-first girlfriend ito. Lihim din niyang dinamdam nang ibalita nito noon na ikakasal na ito. At nang mamatay ang babaeng sana ay pakakasalan nito, kahit alam niyang mali ay lihim niya iyong ikinatuwa.

Kailanman ay hindi siya nakipagrelasyon sa ibang lalaki.

Mula noon, hanggang ngayon ay patuloy pa rin siyang umaasa na mapapansin din siya ni Ronald... na darating rin ang araw na higit pa sa pagkakaibigan ang magiging turing nito sa kanya.

SA HALOS DALAWANG ORAS na pakikipagkwentuhan ni Jessica kay Ronald ay

naging komportable na siya rito.

Nawala ang kabang nararamdaman niya.

At lihim siyang natutuwa.

May pakiramdam siyang madali niyang maisasagawa ang kanilang mga plano ng Uncle Jerry niya. Malaki ring tulong si Selina. Nang dahil dito ay nagkaroon siya ng pagkakataong mapalapit muli kay Ronald nang walang masyadong effort.

Matapos ang dinner ay nagyaya pa si Ronald na mamasyal silang tatlo.

Gusto pa nga sana niyang huwag munang matapos ang gabi na kasama ito. She was enjoying the game. Ngunit ang sabi ng Uncle Jerry niya ay huwag siyang magmadali.

Slowly but surely.

S'abi pa nito, gustung-gusto raw ng mga lalaki na pinasasabik ito.

Naisip niya si Selina.

Kung mauuna naman siyang umuwi ay para na rin niyang binigyan ng pagkakataon si Selina na masolo ito. At kung magpapatumpik-tumpik siya, baka tuluyang masira ang mga

plano niya dahil sa babaeng ito.

Hindi siya manhid. Alam niyang noon pa man ay may lihim ng pagtingin si Selina para kay Ronald kaya hindi na kataka-takang na sa edad na thirty ay single pa rin ito at wala pang nagiging boyfriend.

Maganda si Selina.

Mayaman.

May mataas na pinag-aralan.

Imposibleng walang nagkakagusto dito.

Kaya ang conclusion niya, si Ronald lang ang hinihintay nito. Obvious naman sa mga kilos nito. At hindi nga ba at tahasang naibulalas nito sa kanya minsan na masaya itong malamang walang girlfriend ngayon ang binata?

Pero hindi niya maaring ipaubaya na lamang si Ronald kay Selina.

Pasensya na lamang ang dalaga.

May misyon siyang kailangang isakatuparan at kailangang pagtagumpayan. Mas mahalaga pa iyon kesa sa pagkakaibigan nila ni Selina.

Hindi na nagdalawang-isip pa si Jessica at

pinagbigyan niya si Ronald na mamasyal silang tatlo.

“HELLO, Uncle Jerry?”

“Jessica, lumalalim na ang gabi. Hanggang ngayon ba ay kasama mo pa rin ang lalaking ‘yan ?” tanong ni Jerry na nasa kabilang linya ng telepono.

“Excuse me,” sabi ni Jessica kina Selina at Ronald saka lumayo para kausapin ang tiyuhin, “Uncle, parang wala pa silang balak umuwi, eh,” pabulong na sabi niya sa kausap.

“Then, leave them. Hayaan mo na sila. It’s already one o’ clock. Alam mo namang ayaw kong ginagabi kang masyado sa daan. Marami pang ibang araw para dyan, Jessica. Ipasusundo na kita sa driver.”

“Yes, Uncle.”

“UNCLE, pinasusubaybayan n’yo ba ako ke Mang Lito? Ang bilis kasing nakarating ni Mang Lito doon sa sinabi kong lugar,” usisa ni Jessica kay Jerry nang abutan niya ito sa

veranda.

Hindi ito sumagot.

“Uncle, wala ka bang tiwala sa akin?”

“Kay Ronald ako walang tiwala.”

“Uncle, kung pasusubaybayan mo ako palagi, paano natin maisasakatuparan ‘yong mga plano natin? Baka pumalpak tayo...”

“Jessica, alam ko ang ginagawa ko.”

“Pero, Uncle, baka mabisto tayo... baka—”

“Okay, okay. Hahayaan kitang kumilos na mag-isa, pero kapag alam kong pumapalpak ka, hahayaan mo namang ako ang kumilos, ha?”

“That’s a deal, Uncle.”